

RESIDENTIAL CLIENT USER FEES

Kailan Kailangan Sumangguni sa Public Guardian and Trustee

Kapag may pag-aalala na ang isang adult o nasa hustong gulang na nakatira sa residential facility ay wala nang kakayahang pamahalaan ang kanyang pananalapi, o ang kapalit na tagapagdesisyon sa pananalapi (hal., isang power of attorney, kinatawan, committee o pension trustee) ay inaabuso o may maling pamamahala sa pera ng adult, maaaring sumangguni sa Public Guardian and Trustee (PGT) para sa karagdagang imbestigasyon.

Ang mga pag-aalala tungkol sa pang-aabuso, kapabayaang pagpapabaya sa sarili ay maaari ring iulat sa isang itinalagang agency alinsunod sa *Adult Guardianship Act* (hal., sa health authorities at Community Living BC).

Ang mga pag-aalalang ito ay madalas na unang napapansin kapag hindi nababayaran ang user fees o hindi natutugunan ang iba pang mga pangangailangan ng adult.

Gayunpaman, hindi tungkulin ng PGT na mamagitan sa mga pagtatalo ng adult at kapalit na tagapagdesisyon sa pananalapi at ng residential facility tungkol sa angkop na rate o ibinibigay na serbisyo.

Sa ganitong mga kalagayan, maaaring ang mga kasangkot na partido ay makipag-ugnayan sa iba pang magagamit na resources ukol sa resolusyon sa pagtatalo.

LAYUNIN AT MALAMANG NA RESULTA NG ISANG IMBESTIGASYON NG PGT

- Iniimbestigahan ng PGT ang mga pag-aalala alinsunod sa kapangyarihan nito sa ilalim ng Public Guardian and Trustee Act upang matukoy kung maaaring kinakailangan ng tulong ng adult na walang-kakayahang pamahalaan ang kanyang pera.
- Kung kinakailangan ng tulong, nagsasagawa ng karagdagang imbestigasyon ang PGT upang alamin kung ang mga impormal na resolusyon ay naaangkop o matukoy kung mayroong isang tao na kakilala ng adult na maaaring tumulong.
- Kung walang naganap na pang-aabuso o maling pamamahala, tatapusin ng PGT ang imbestigasyon nito.
- Kung ang adult ay nangangailangan ng tulong at walang handang tumulong, ang PGT ay maaaring humingi ng legal na awtoridad upang pamahalaan ang pananalapi ng adult, karaniwan ay bilang committee of estate (tingnan sa ibaba).
- Ang PGT ay hindi nag-iimbestiga lamang upang matugunan ang mga pagtatalo tungkol sa mga utang ng adult.

AWTORIDAD NG PGT NA PROTEKTAHAN ANG MGA ARI-ARIAN O ASSETS HABANG INIIMBESTIGAHAN

- Kung may pag-aalala na ang mga ari-arian ng isang adult ay kailangan ng kagayat na proteksyon, ang PGT ay may kapangyarihang gumawa ng mga hakbang upang protektahan ang mga ari-arian ng adult. Kasama dito ang paghihigpit o restriksyon sa pag-access sa bank account ng adult nang hanggang 120 araw.
 - o Kung may paghihigpit sa pag-access ng account, maaaring itakda ng PGT na ang pag-access sa account ay para lamang sa mga kinakailangang halaga para sa pagkain, tirahan at pang-araw-araw na pamumuhay.
 - o Maaari ring itakda ng PGT na ipagpapatuloy ang preauthorized payments para sa rent, user fees, bayad sa mortgage, o insurance.

- Kapag ginagamit ang awtoridad nito upang protektahan ang mga ari-arian, ang PGT ay walang kapangyarihan na:
 - o pamahalaan ang mga pananalapi ng adult,
 - o magtakda ng mga bagong bayarin o pahintulutan ang mga pagbabayad sa mga creditors,
 - o magtakda ng isang kapalit na tagapagdesisyon sa pananalapi, o
 - o itakda ang mga facility user rates o repayment plans para sa mga overdue na bayarin.

PAANO NAGKAKARON NG AWTORIDAD ANG PGT NA PAMAHALAAN ANG PANANALAPI NG ADULT

- Ang PGT ay mayroong awtoridad na pamahalaan ang pananalapi ng isang adult kung ang PGT ang committee of estate.
- Ang PGT ay gagawa ng mga hakbang upang maging committee of estate kung:
 - o ang mga pag-aalala tungkol sa pamamahala ng isang kapalit na tagapagdesisyon sa pananalapi ay hindi malulutas, o
 - o ang adult ay nangangailangan ng tulong ngunit walang sinumang nakahanda o kwalipikadong tumulong.
- Ang isang kautusan ng hukuman o isang sertipiko ng kawalang-kakayahan ay kinakailangan upang maging committee of estate. Alinmang proseso ay maaaring tumagal ng hanggang 6 buwan o mas matagal pa depende sa mga sirkumstansya at pagkakumplikado nito at bilang isang resulta, maaaring hindi naaangkop sa ilang mga sirkumstansya.
- Sa ilang sitwasyon, ang PGT ay maaaring gumawa ng mga hakbang upang mahirang na pension trustee o tagapangalaga ng pensyon at ito ang tatanggap ng pensyon (federal) para sa adult at magbabayad ng mga gastos nito.

PAGLUTAS NG MGA HINDI NABABAYARANG USER FEE KAPAG ANG PGT ANG NAGING COMMITTEE OF ESTATE

- Matapos na mahirang bilang committee, ang PGT ay mangangalap ng impormasyon tungkol sa lahat ng ari-arian at mga kailangang bayaran ng adult. Kung nakumpirma na mayroong sapat na pondo, binabayaran ang buwanang user fee. Karaniwan ay binabayaran ang minimum na user fee rate hanggang sa matukoy ang naaangkop na rate.
- Kapag nakuha ang buong impormasyon sa pananalapi, irerepaso at iaaseso ng PGT ang mga paghahabol o claims para sa lahat ng utang, kabilang ang 'di nababayarang user fees. Ang mga inaprubahang claims ay babayaran kaagad kapag may sapat na pondo. Kung kinakailangan, gagawa ng isang plano para sa pagbabayad kasama ang facility.
- Dapat awtorisahan ng PGT ang lahat ng mga pagbabayad sa utang. Hindi inaawtorisahan ng PGT ang mga facility na gamitin ang comfort account ng adult para mabayaran ang user fees.

PAGBABAYAD NG MGA USER FEE AT IBA PANG MGA GASTOS PAGKAMATAY NG ADULT

- Kung ang PGT ay maging committee, ang PGT ay may kapangyarihang ipagpatuloy na pangalagaan ang mga ari-arian hanggang maihirang ang isang personal na kinatawan o personal representative na mangangasiwa sa estate.
- Habang naghihintay na maihirang ang personal na kinatawan, ang PGT bilang committee ay maaaring may advance funds para sa mga gastusin sa libing at pagbabayad ng mga huling bills at invoices (hal., user fees nang nakaraang buwan at pharmacy bills). Ang lahat ng mga pagbabayad sa creditors ay ihihinto at dapat pangasiwaan ng personal na kinatawan.
- Kung ang PGT ay itinalaga bilang executor o tagapagpatupad ng testamento (will) ng adult, o nag-apply para maitalaga ng hukuman na mangasiwa ng ari-arian, ang ari-arian o estate ay pamamahalaan ng Estate and Personal Trust Services division ng PGT.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga serbisyo ng PGT, bisitahin ang website ng PGT sa www.trustee.bc.ca.